# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 50
# Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Tiatira Yugto 2
# At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak

***“18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli:19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una.20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid.22 Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa.23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa.24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan.25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan.26 At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa :27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama :28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga.29 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 2:18-29)***

***“20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.” (Pahayag 2:20)***

***Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo;*** Dito ang Panginoon ay mayroong isang bagay na laban sa simbahan ng Tiatira, at siya ay pumaroon sinasabi iyon sa kanila bilang hiling sa kanila upang ituwid sila, upang magsisi, at upang babalaan din sila sa pagdating ng poot ng Diyos at kung ano ang kanilang haharapin gaya ng paghatol mula sa Diyos at isang disiplina mula sa Kanya upang ibahagi ang pagsisisi, pagkatakot sa Diyos at kabanalan. Si Cristo ay walang kinikilingan. Binanggit Niya ang mabubuting puntos at babanggitin niya ang masasamang bagay at hihilingin sa atin at ibibigay sa atin ang pagkakataon upang ituwid ang ating mga sarili at upang magsisi.

***na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel:*** Narito ang babalang mensahe ng anghel, na ibig sabihin ang paglilingkod ng simbahan sa Tiatira, sapagkat pinahintulutan niya at binigyan niya ng pahintulot sa babae na tinatawag na Jezebel upang pasaganain at manatili sa simbahan at magsanhi ng pinsala sa iba. Pinahintulutan Niya ang babaing iyon na turuan ang iba at maging dahilan sa iba upang magkamali sa usapin ng pananampalataya. Hindi ang pinuno ang nagpapalaganap ng maling katuruan kundi pinahintulutan niya ang iba na manatili sa simbahan na gumagawa ng ganoon. Ang kasamaang bahagi ng simbahang ito ay nagpapahiwatig sa pamamagitang ng babaing si Jezabel. Ang Lumang Testamento ay nagsasabi sa atin kung sino si Jezebel. Siya ay anak na babae ni Ethbaal na hari ng Zidonia, na naging asawa ni Ahab ang hari ng Israel, at sa pamamagitan niya ang pagsamba kay Baal ay ipinakilala sa Israel.

***na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel:*** Hindi ibig sabihin na kinakailangan na ang bulaang mga guro ay mga babae, o na ang mga kababaihan ay nangingibabaw at pinangungunahan nila ang simbahan nang salungat sa sinasabi ng Banal na Kasulatan na ang kababaihan ay hindi dapat magturo sa kanyang asawa kundi upang turuan Niya. Maari silang mga lalaking guro na sumusunod sa mga paraan ni Jezabel para wasakin ang gawain ng Diyos gaya ng kasamaan na ginawa ni Jezabel. Ating basahin ang sumusunod sa Banal na Kasulatan mula sa Lumang Testamento upang maunawaan sa mas higit na mga detalye ng ginawa ni Jezabel at ang ginawa ng mga bulaang guro sa simbahan ng Tiatira.

Si Haring Ahab ang pinuno ay nagasawa kay ***Jezabel “31 At nangyari, na wari isang magaang bagay sa kaniya na lumakad sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nabat, na siya'y nagasawa kay Jezabel, na anak ni Ethbaal na hari ng mga Sidonio, at yumaon at naglingkod kay Baal, at sumamba sa kaniya.” (1 Hari 16:31)*** Ang ibig sabihin ng Jezabel mula sa Hebrew salita ‘zebel’ ay ‘dumi’, o ‘mahalay’, isang bagay na hindi malinis at masama. Sa pamamagitan ni Jezabel na nagasawa si Ahab, ang pagsamba kay baal ay ipinakilala sa Israel. Si Baal ay ang diyos ng pag-aanak at ang pagsamba dito ay kasama ang pagsasagawa ng sexual na immoralidad.

***Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa;*** Sa mga namumuno ng maling katuruan sa simbahan ng Tiatira sila ay hindi mga propeta kundi inaangkin nila ang kanilang sarili ang titulo ng pagiging mga propeta. Narito ang mag panganib ng pabibigay ng mga titulo o pagpapahintulot ng mga titulo sa mga tao na gumagawa salungat sa Banal na Kasulatan na sila nagdudulot ng mga kaguluhan sa iba at sa simbahan.

***“20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.”*** Narito ang mga bulaang mga guro na nagtuturo at nanghihikayat sa kanilang tinuturuan, na mga lingkod ng Diyos na gumawa ng pakikiapid at kumain ng mga bagay na inihandog sa dios diosan. Ang kapareho sa ating sinalita tungkol sa mga nagtataguyod ng doktrina ni Balaam sa simbahan ng Pergamos. Gayunpaman marami pang maling mga katuruan kasama rito nang ang pangalang Jezabel ay binanggit.

Ang sexual na mga immoralidad at pakikiapid sa Bagong Testamentong simbahan ay maaring makita sa anyo ng pangyayari ng pagsasama, panliligaw, kasintahang lalake, kasintahang babae (kahit na sa malayo) sapagkat pagnanasa sa puso ay pangangalunya ayon sa ***Mateo 5:28 “28 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso.”*** * Sa karagdagan doon, ang pangangalunya, pagsasama ng hindi kasal, pagpapahintulot sa solong ama at solong ina na mag-asawa sa ibang kabiyak at hindi ama o ina ng kaniya o kaniyang mga anak, paghihiwalay at pag-aasawang muli, lahat ng ito ay mga immoralidad. * Ako ay nagbabala sa iyo na kung ginagawa mo ang ganyan, sa gayon magsisi sa ganyang mga bagay. Ganon din ilagay sa iyong isipan na hindi kita papayagan at kukunsintihin kung ikaw ay gumagawa ng alinman sa mga immoral na bagay sa itaas.

***At kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan:*** Gaya ng ating naisalarawan dati, Pasko at Bagong Taon na kapistahan at mga piging, pagdiriwang ng Araw ng Valentino, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Halloween, buwan ng pagpapahalaga sa mga Pastor, at ang lahat, ang lahat ay kapistahan ng mga dios diosan. Ang mga kapistahang ito ay kinuha mula sa sanglibutan at hindi mula sa Banal na Kasulatan.

Si Jezabel ay mayroong nagawang ibang masasamang bagay. Itinaguyod at sinuportahan ni Jezabel ang apat na daang mga bulaang mga propeta ng kahoy (na nagpahintulot sa mga tao na gumawa ng kanilang sariling kalooban), at ang apat na daan at limampong mga propeta ni Baal (na nagtaguyod sa mga tao na gumawa ng sexual na mga immoralidad). Ang lahat ng mga propeta ay kumakain sa dulang at sinuportahan ni Jezabel upang gumawa ng masama gaya ng ating babasahin dito: ***“Ngayon nga'y magsugo ka, at pisanin mo sa akin ang buong Israel sa bundok ng Carmelo, at ang mga propeta ni Baal na apat na raan at limangpu, at ang mga propeta ni Asera na apat na raan, na nagsikain sa dulang ni Jezabel.” (1 Hari 18:19)***

Kaya, ang mga guro at ang mga propeta ng simbahan sa Tiatira na kagaya ni Jezabel, ay ang mga gumagawa ng masama katulad ni Jezabel, at sila’y nagsusulong sa iba na gumawa ng masama at immoralidad. Kaya dito ang namumuno sa simbahan sa Tiatira sa pamamagitan ng walang kibong tuntunin ay sinuportahan ng pangkat na gumagawa ng masama na humahagupit sa tunay na mga lingkod ng Diyos na gumagawa ng tunay na gawain ng Diyos at nakikipaglaban sa gawa ni Satanas.

Mula sa pag-aaral ng buhay kasaysayan ni Jezabel mula sa Lumang Testamento malalaman natin ang ibang kasamaan na ginawa niya at kung paanong ang simbahan sa Tiatira o ang simbahan ay magiging kagaya sa simbahan ng Tiatira na maaring gumawa ng masama ngayon laban sa Panginoon.

1. Paguusig sa totoong mga propeta o totoong mga lingkod ng Diyos: ***“Hindi ba nasaysay sa aking panginoon, kung ano ang aking ginawa nang patayin ni Jezabel ang mga propeta ng Panginoon, kung paanong nagkubli ako ng isang daan sa mga propeta ng Panginoon, na limalimangpu sa isang yungib, at pinakain ko sila ng tinapay at tubig?” (1 Hari 18:13)*** Ipinaalam ni Obadia kay Elias na si Jezabel ay nagsasagawa upang wakasan ang buhay at ang paglilingkod ng isang daang tunay na mga propeta ng Diyos. Sa mga nagtataglay ng katuruan ni Jezabel kanilang uusigin at susubukang tapusin ang ministerio ng mga totoong mga lingkod ng Diyos na nagtuturo at nagdidisiplina laban sa lahat ng mga immoralidad at laban sa pagkain ng pagkaing inihandog sa mga dios diosan na nabanggit sa itaas.

2. Sila’y gaganti kung iyong tatamaan ang maling katuruan na kanilang isinusulong: Si Jezabel kahit na sinusubukang patayin ang propetang si Elias na nagpahayag ng paghatol ng Diyos sa mga propeta ni Baal at sa mga propeta ng puno. ***“1 At sinaysay ni Achab kay Jezabel ang lahat na ginawa ni Elias, at kung paanong kaniyang pinatay ng tabak ang lahat ng mga propeta.2 Nang magkagayo'y nagsugo si Jezabel ng sugo kay Elias, na nagsasabi, Ganito ang gawin sa akin ng mga dios, at lalo na, kung hindi ko gawin ang buhay mo na gaya ng buhay ng isa sa kanila kinabukasan sa may ganitong panahon.3 At nang makita niya ay bumangon siya, at yumaon dahil sa kaniyang buhay, at naparoon sa Beerseba, na nauukol sa Juda, at iniwan ang kaniyang lingkod doon.” (1 Hari 19:1-3)*** Sila’y mga mapanganib na tao at gagawin ang lahat nang kanilang makakaya para wasakin ang mga laban sa kanilang mga huwad na katuruan. Tayo ay tinawag upang patuloy na gawin ang ating paglilingkod na may katapangan kahit na tayo’y napapalibutan ng mga taong masasama at gumagawa ng masama.

3. Sila ay may kasakiman at gagamitin nila ang mga politico at makikisabwatan laban sa totoong mga lingkod ng Diyos para alisin sa kanila ang mana at ang kanilang ministerio sa kanila. Gaya ng ginawa ni Jezabel para kunin ang ubasan kay Naboth***, “1 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na si Naboth na Jezreelita ay mayroong isang ubasan na nasa Jezreel, na malapit sa bahay ni Achab na hari ng Samaria.2 At sinalita ni Achab kay Naboth, na sinabi, Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan, upang aking tangkilikin na pinaka halamanang pananim, sapagka't malapit sa aking bahay; at aking ipapalit sa iyo na kahalili niyaon ang isang mainam na ubasan kay sa roon; o kung inaakala mong mabuti, aking ibibigay sa iyo ang halaga niyaon na salapi.3 At sinabi ni Naboth kay Achab, Huwag itulot ng Panginoon sa akin, na aking ibigay ang mana sa aking mga magulang sa iyo.4 At pumasok si Achab sa kaniyang bahay na yamot at lunos dahil sa salita na sinalita ni Naboth na Jezreelita sa kaniya: sapagka't kaniyang sinabi, Hindi ko ibibigay sa iyo ang mana sa aking mga magulang. At siya'y nahiga sa kaniyang higaan, at ipinihit ang kaniyang mukha, at ayaw kumain ng tinapay.5 Nguni't si Jezabel na kaniyang asawa ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Bakit ang iyong diwa ay totoong malungkot na hindi ka kumakain ng tinapay??6 At sinabi niya sa kaniya, Sapagka't nagsalita ako kay Naboth na Jezreelita, at nagsabi sa kaniya, Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan sa kahalagahang salapi; o kung dili, kung iyong minamabuti, papalitan ko sa iyo ng ibang ubasan: at siya'y sumagot, Hindi ko ibibigay sa iyo ang aking ubasan.7 At sinabi ni Jezabel na kaniyang asawa sa kaniya, Ikaw ba ngayon ang namamahala sa kaharian ng Israel? ikaw ay bumangon, at kumain ng tinapay, at pasayahin mo ang iyong puso: aking ibibigay sa iyo ang ubasan ni Naboth na Jezreelita.8 Sa gayo'y sumulat siya ng mga sulat sa pangalan ni Achab, at pinagtatakan ng kaniyang tatak; at ipinadala ang mga sulat sa mga matanda at sa mga maginoo na nangasa kaniyang***

***bayan, at nagsisitahang kasama ni Naboth.9 At kaniyang isinulat sa mga sulat, na sinasabi, Mangagtanyag kayo ng isang ayuno at ilagay ninyo si Naboth sa pangulo na kasamahan ng bayan:10 At lumagay ang dalawang lalake na mga hamak na tao sa harap niya, at mangagsisaksi laban sa kaniya, na magsipagsabi, Ikaw ay namusong sa Dios at sa hari. At ilabas nga siya, at batuhin siya upang siya'y mamatay.11 At ginawa ng mga tao sa kaniyang bayan, sa makatuwid baga'y ng mga matanda at ng mga maginoo na nagsisitahan sa kaniyang bayan, kung ano ang ipinagutos ni Jezabel sa kanila, ayon sa nangasusulat sa mga sulat na kaniyang ipinadala sa kanila.12 Sila'y nangagtanyag ng isang ayuno, at inilagay si Naboth sa pangulo na kasamahan ng bayan.13 At ang dalawang lalake na mga hamak na tao ay nagsipasok at nagsiupo sa harap niya: at ang mga lalake na hamak ay nagsisaksi laban sa kaniya, sa makatuwid baga'y laban kay Naboth sa harap ng bayan, na nagsisipagsabi, Si Naboth ay namusong sa Dios at sa hari. Nang magkagayo'y inilabas nila sa bayan, at binato nila siya ng mga bato, na anopa't siya'y namatay.14 Nang magkagayo'y sila'y nagsipagsugo kay Jezabel, na nagsisipagsabi, Si Naboth ay pinagbatuhanan, at patay.15 At nangyari, nang mabalitaan ni Jezabel na si Naboth ay pinagbatuhanan, at patay, na sinabi ni Jezabel kay Achab, Ikaw ay bumangon, ariin mo ang ubasan ni Naboth, na Jezreelita na kaniyang ipinagkait na ibigay sa iyo sa halaga ng salapi: sapagka't si Naboth ay hindi buhay, kundi patay.16 At nangyari, nang mabalitaan ni Achab na patay si Naboth, na bumangon si Achab na bumaba sa ubasan ni Naboth na Jezreelita, upang ariin." (1 Hari 21:1-16)*** Dito si Naboth ay tumangging ibigay ang ubasan sapagkat ito ay isang pamana ng kanyang ama at ito ay kanyang ipapasa sa kanyang mga anak. Ipinagbawal ng Panginoon na ibigay niya ang kanyang ubasan kay Ahab. Sa parehong paraan, ipinagbabawal ng Diyos na ibigay ang ating ministerio sa iba na gagamitin ang mga tanggapan ng simbahan at ang pamahalaan ng simbahan upang hawakan tayo at upang pasamaain ito at gamitin ito upang ipagmalaki, upang magsulong ng immoralidad, pagsamba sa dios diosan, kasakiman, paggawa ng salapi, negosyo sa loob ng simbahan at ibang walang kaganapan.

Ang Tiatira ay ibig sabihin ay tanghalan, isang simbahang nagtatanghal, gumaganap ng drama, ang mga taong namumuno ay may takip sa kanilang mga mukha at gumagawa ng masasamang bagay na parang ang Diyos ay wala roon at binabantayan ang lahat. Sila'y nagsasagawa kahit sa pananalangin at pagaayuno, at sila'y mayroong kabanalan sa mukha lamang, ngunit pagsasabwatan, pagpapatakbo, at kasamaan ang nasa loob nila upang gumawa ng kalokohan laban sa mga totoong lingkod ng Diyos para wasakin sila at sirain ang kanilang mga paglilingkod. Gagamitin nila ang kanilang mga posisyon at tanggapan sa loob ng simbahan upang gumawa ng salapi at kumita ng ikabubuhay at hadlangan ang mga tapat mula sa pagkuha sa ganoong mga posisyon, pag-agaw sa kanilang mga paglilingkod at hadlangan sila sa paggawa ng tunay na gawain ng Diyos.

4. Sila'y nagsusulong ng mga immoralidad at panggagaway: Ito ang sinabi ni Jehu jay Joram ang anak ni Jezabel bago niya siya pinatay: ***"21 At sinabi ni Joram, Magsingkaw. At kanilang isiningkaw ang kaniyang karo. At si Joram na hari sa Israel at si Ochozias na hari sa Juda ay nagsilabas, bawa't isa sa kaniyang karo, at sila'y nagsilabas upang salubungin si Jehu, at nasumpungan nila siya sa putol ng lupa ni Naboth na Jezreelita.22 At nangyari, nang makita ni Joram si Jehu, na kaniyang sinabi, Kapayapaan ba Jehu? At siya'y sumagot. Anong kapayapaan, habang ang mga pakikiapid ng iyong inang si Jezabel at ang kaniyang panggagaway ay totoong lumalala?" (2 Hari 9:21-22)*** Ang immoralidad ay ating ipinaliwanag na kung paano nila ginawa ito sa Bagong Testamentong simbahan. Ang salitang pakikiapid ay maari ring ibig sabihin ng espirituwal na pakikiapid pagsunod sa hindi totoong diyos at paganong pagsasagawa at pagpapakilala sa kanila sa loob ng simbahan gaya sa una nating nabanggit; ang pagdiriwang ng araw ng kapanganakan, Pasko, Bagong Taon, Halloween na may simbolo ng bungo, Valentino at pagsusulong ng pagsasama at pagliligawan at immoralidad, Araw ng Ama, Araw ng Ina, atibp.

Tungkol sa panggagaway ay nagaganap kapag sila'y nagtuturo ng paghihimagsik at pagsuway sa Salita ng Diyos, ***"Sapagka't ang panghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panggagaway." (1 Samuel 15:23)*** Kapag sila'y nagpapatuloy sa pagwasak sa Banal na Kasulatan sila'y nagtuturo ng panggagaway.

5. Pagsusulong ng paglalagay ng make up: ***"At nang si Jehu ay dumating sa Jezreel nabalitaan ni Jezabel; at kaniyang kinulayan ang kaniyang mga mata, at ginayakan ang kaniyang ulo, at dumungaw sa dungawan." (2 Hari 9:30)*** Dito nabalitaan ni Jezabel na pinatay ang kanyang anak at sa halip na siya ay magsisi, kinulayan niya ang kanyang mukha, at ginayakan ang buhok ng kanyang ulo nang may estilo; ibig sabihin hindi siya gumamit ng tabing upang takipan ang kanyang sarili. Siya ang unang binanggit sa Bibliya na kinulayan ang kanyang mukha. Ang ganyang mga guro sa simbahan ay nagsusulong ng immoralidad sa pamamagitan ng pagsusulong ng paglalagay ng make up, at pangaakit sa lalake ng may make up, mga pagpinta, pabango, at amoy at sa kaakit akit na damit na naglalantad ng mga bahagi ng katawan.

Ang sulat sa mga namumuno sa simbahan ng Tiatira ay hindi lamang sinabi sa kanila na ang ganyang mga manggagawa ay pinapanhintulutang magsagawa ng kasamaan sa loob ng simbahan, ngunit ito'y ipinaliwanag sa kanya, na ang ibang mga tao na naglilingkod sa Panginoon sa loob ng simbahan ay nahikayat ng ganoong mga guro at sila'y naguumpisa nang sumunod sa mga paraan ng mga bulaang mga guro na gumagawa ng pangangalunya at pagkaing inihandog sa dios diosan at sa paggawa ng ibang masasama gaya ng ating nabanggit sa itaas.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ingatan ang mensahe na iyong tinanggap at magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan na ating nabanggit sa itaas: pagsusulong ng mga immoralidad, pagsusulong ng pagkaing inihandog sa dios diosan, kasakiman, mga politico, pagpatay, pagkuha sa ministerio ng iba, mga pagmamanipula, walang katarungan, paggamit sa posisyon ng simbahan para sa pamumuhay, paguusig sa mga totoong lingkod ng Diyos, pagsusulong ng make up, pagkukulay sa mukha, paggamit ng estilo sa buhok, pabango, at hindi maayos na damit upang hikayatin ang laman ng lalake para mahikayat silang gumawa ng immoralidad at magkamali sa pananampalataya at pagkaing inihandog para sa mga dios diosan.

Tayo ngayon ay lumapit sa Kanya sa pagsisisi. Habang ating pinagninilayan ang Kanyang Salita ating talikuran ang ating mga kasalann at anumang hadlang na maglalayo sa atin sa paggawa ng tama at nais Niya sa atin upang gawin para sa Kanya. Ating gawin ang ating pinaka mahusay upang patuloy na mabuhay sa kabanalan, at patuloy na magpokus sa mga gawain na ipinagkatiwala sa atin at upang gawin ang mga gawain na nais Niya sa atin na gawin sa pagibig, sa pananampalataya, sa pagtitiyaga hanggang sa huli, hanggang makatagpo natin Siya sa alapaap at marinig mula sa Kanya, ***"Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin."***

Tayo'y maging alisto at mapagkilala sa kung anong nangyayari sa buhay ng ating simbahan at ministerio. Huwag nating pahintulutan ang mga nagsusulong ng make up, immoralidad, at sa mga gagamit ng ministerio ng simbahan para sa kanilang kapakinabangan at kasakiman na patuloy na sirain ang iba at hawakan sila para sa kanilang sariling layunin at kasakiman. Ating tapusin na ang kasamaan at immoralidad at walang katarungan sa buhay ng ating simbahan at mga paglilingkod. Tayo ay manindigan sa lahat ng mga hamong ito at patuloy na gawin ang iba't ibang mabubuting mga gawa at ng Kanyang paglilingkod sa kabanalan at sa kalinisan, at patuloy nating linisin ang ating sarili, ang ating pamilya, ang ating mga disipolo at ang Simbahan ng Diyos at maging handa patungo sa Kanyang pangalawang pagparito.

***Ang aking panalangin:*** Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa pagsaway na aking tinanggap mula sa iyong Salita na bumuhay sa akin at nagawa kong maunawaan ang iyong kalooban at mga paraan at hinikayat ako na patuloy na manindigan laban sa kasamaan, immoralidad, maling mga katuruan, kasakiman, at pagpapatakbo sa aking paglilingkod at ministerio sa iyo.

Aminin ang iyong mga kasalanan ngayon sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan. Magsisi sa pagbibigay papuri, pagkatakot sa tao, pakikipagkompromiso, kamunduhan, kakulangan ng paglilingkod at ministerio, at walang kagustuhan magtiyaga at magdusa para kay Cristo.

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salitang ito na Aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon isinusuko ko ang aking buhay at ang aking buong kalooban sa iyo. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na manindigan laban sa lahat ng kasamaan, kasakiman, maling mga katuruan, at ang immoralidad, ang make up, ang walang kahinhinang damit, na ang bulaang mga guro ay sinusubukang ipakilala sa iyong simbahan.

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na magebanghelyo abutin ang bagong mga tao para kay Cristo. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na gawin ang lahat ng mabubuting mga gawa at ng paglilingkod na inihanda mo at nais kong gawin para sa iyo sa pagibig, sa pananampalataya, sa pagpapahinahod, at sa mahabang pagtitiis. Panginoon bigyan ako ng kalakasan at kahinhunan upang tiisin ang higpit ng oposisyon dahil sa iyong Salita. Panginoon pusposin ako ng Banal na Espiritu at magkaroon ng ganap sa iyo. Panginoon ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y pumaroon at maglingkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga handang sumunod sayo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod at magdusa para sa iyong Salita. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon iligtas sila mula lahat ng mga tukso at ang gawa ng diablo. Panginoon gumawa ka ng mga himala sa kanila at paging dapatin silang makalampas sa oposisyon at mga paguusig, at magtiis hanggang ikaw ay dumating upang kunin kasama mo sa Langit.

Panginoon pagpalain kami at alalayan kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin para patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon ibigay sa amin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang magebanghelyo at upang abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon protektahan kami mula sa paguusig na ang mga bulaang mga guro, bulaang mga propeta at bulaang mga namumuno sa simbahan na maaring pahirapan kami. Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan nang may Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com